

Alam ba ninyo?  
Ang tulong sa matrikula  
mula sa pamahalaan

こうとうがっこうとうしゅうがくしえんきん

ごほんやくばん

高等学校等就学支援金【タガログ語翻訳版】

# Tulong-Pantustos para sa pag-aaral sa High School



## 1. Ano ang Sistema ng Tulong-Pantustos para sa pag-aaral sa High School

Ito ay sistema upang makabawas sa gastusin sa pagpapa-aral ng sambahayan sa pamamagitan ng pagbibigay sa estudyante ng **tulong-pantustos sa matrikula**, sa layuning gumawa ng lipunan kung saan ang lahat ng estudyante ay makapagpatuloy sa pag-aaral.

Sa pamamagitan ng pagbalikat ng buong lipunan, malalaman nilang nasusuportahan ang kanilang pag-aaral kaya't maaasahang lalawak at magiging aktibo sila bilang leader ng lipunan sa darating na panahon. **Hindi ito uri ng Scholarship Grant na pautang {loan type}, kaya't hindi na kailangang bayaran.**

## 2. Mga paaralan na sakop nito

- High school
- Secondary educational school upper course
- Special needs education high school section
- Technical high schools (na may 1-3 taon)
- Vocational school high school course
- Vocational school general course o iba pang specialized school na may kurso ng pagsasanay para sa national qualifications at itinalaga ng gobyerno upang magsagawa ng pagsasanay sa propesyon gaya ng ① Assistant nurse ② Licenced cook ③ Confectionery Hygiene Master ④ Barber ⑤ Beautician
- mga Foreign national school na itinalaga ng Minister of Education, Culture, Sports, Science and Technology
- Maritime Poly-technical School


Paaralan man na pambansa, pampubliko o pribado



## 3. Paraan ng pamamahagi

Sa halip na estudyante, ang paaralan (Educational Institution) mismo ang tatanggap ng tulong-pantustos, at ibabalanse ito sa matrikula. **Hindi direktang tatanggap ang estudyante o/at tagapangalaga.**

Ang kakulangan sa matrikula at tulong-pantustos ay kailangang bayaran. (Depende sa paaralan, maaring pagbayarin muna ng buong matrikula, saka ibalik ang katumbas na halaga sa araw na matanggap ang tulong-pantustos.)



## 4. Mga kinakailangang hakbang upang makatanggap ng Tulong-Pantustos


**Hindi makakatanggap nito kung hindi nag-apply**

### (1) Hakbang sa aplikasyon (sa enrollment ng Abril)

- ① Application form (**Ipapamahagi sa high school na papasukan**)
  - ② Tax certificate (makukuha sa munisipyo/local office) at iba pang papeles na itinalaga ng pamahalaan bilang pagpapatunay sa kita (nakasaad ang resident tax per-income basis) ng tagapangalaga.
- ※ **Hindi makakapag-apply** ang mga taong tumutugma sa alinman sa sumusunod:
- Mga nag-graduate o nagtapos na ng pag-aaral sa high school at iba pa (hindi kabilang ang mga magtatapos ng hanggang wala pang 3 taon)
  - Mga lumampas na ng 36 na buwan (3/4 na bahagi ang kalkulasyon nito sa Teijisei • Tsushinsei at iba pa) ang kabuuang ipinasok sa paaralan sa high school at iba pa
  - Mga mahigit **304,200 yen** ang halaga ng resident tax per-income ng tagapangalaga at iba pa.

### (2) Hakbang sa pag-submit ng report (mga Hunyo ~ Hulyo ng bawat taon)

- ※ **Kakailanganin upang patuloy na makatanggap ng Tulong-Pantustos.**
- ① Papeles para sa report (**Ipapamahagi sa high school na papasukan**)
  - ② Katulad ng nakasaad sa (1) (**Tax certificate at iba pa**)
- Kapag nag-submit ng ① at ② sa high school at maaprubahan ito, mapagkakalooban ng Tulong-Pantustos**
- ※ Bilang patakaran, kakailanganin ang papeles ② ng lahat ng taong may awtoridad bilang magulang (halimbawa: kapag mayroong ama at ina, papeles nilang dalawa)
- ※ Maaring magkakaiba ang kakailanganing papeles ayon sa itinalaga ng bawat prepektura.



※ 1 Kapag magsa-submit sa Taon 2016, mga tax certification na pang Taon 2015 ang kailangan.  
 ※ 2 Kapag magsa-submit sa Taon 2016, mga tax certification na pang Taon 2016 ang kailangan.

Ang (Municipal) Resident tax per-income Jay isang uri ng halaga ng resident tax, na ipinapataw batay sa kita.


## 5. Magkano ba ang matanggap?

(Municipal) Resident tax per-income (kabuuang kita ng mga tagapangalaga)	Halagang ipagkaloob (Full-time {Zennichisei}/ Taunan)
hindi hihigit sa 304,200 yen (5,900,000~wala pang 9,100,000 ang taunang kita)	118,800 yen
hindi hihigit sa 154,500 yen (3,500,000~wala pang 5,900,000 ang taunang kita)	178,200 yen
hindi hihigit sa 51,300 yen (2,500,000~wala pang 3,500,000 ang taunang kita)	237,600 yen
0 yen (tax exemption) (wala pang 2,500,000 yen ang taunang kita)	297,000 yen



※Ang pagtiyak ng kwalipikasyon para makakuha ng tulong ay isinasagawa sa resident tax per-income at hindi sa taunang kita.  
 Pagbabayaran ng buong matrikula **kapag mahigit 304,200 yen** ang resident tax per-income ng pamilya. Gayundin, pababayaran ang kakulangan/balanse sa halaga ng matrikula at tulong-pantustos.  
 ※ Ang taunang kita na nakatala sa itaas ay pamantayan ng sambahayan ng salaried man (Nagtatrabaho ang isa sa magulang, isa ang estudyante sa high school, isa ang nasa jr. high school sa pamilya).  
 Ang pamantayan ng taunang kita ay maaaring may malaking pagkakaiba ayon sa kalagayan ng pamilya (miyembro ng pamilya, salaried man o self-employed at iba pa). **Kinakailangang tiyakin ang halaga ng inyong resident tax per-income basis.**  
 ※Magkaiba ang Tulong-Pantustos ng Part-time {Teijisei} at Correspondence {Tsushinsei}.

## 6. Kaninong resident tax certificate ang isa-submit?



※ Ang mga taong may awtoridad bilang magulang/guardian na tumutugma sa sumusunod ay hindi na kailangang mag-submit ng tax certificate at iba pang papeles

- nahihirapang mag-submit dahil sa domestic violence
- nakatira sa ibang bansa at hindi pinatawan ng resident tax at iba pa

Para sa detalye, magtanong lamang sa paaralan o pamahalaan sa inyong lugar.

## 7. Ano ba ang resident tax certificate?

(Magkakaiba ang format ayon sa lungsod)

**CHECK!!**

市区町村住民税課税証明書

納税義務者	住所 氏名	市民税 0 yen	所得割 0 yen	均等割 0 yen	年税額 0 yen
-------	----------	--------------	--------------	--------------	--------------

所得の金額の内訳

所得の種類	金額	控除	所得割	均等割	年税額
総所得	0円	控除額	0円	0円	0円
内給与	0円	特別優待等	0円	0円	0円
土地等事業所得	0円	その他優待等	0円	0円	0円
分権長期継続	0円	老年等	0円	0円	0円
分権短期継続	0円	障害等	0円	0円	0円
株式等の譲渡	0円	所得除額	0円	0円	0円
上場株式配当	0円	農林業所得	0円	0円	0円
非上場株式配当	0円	所得除額	0円	0円	0円
山林	0円	所得除額	0円	0円	0円
退職	0円	所得除額	0円	0円	0円

Hindi kasama dito ang Prefectural tax at Municipal tax per capita. Sa mga naninirahan sa 23 wards ng Tokyo, ikonsula ang halaga ng inyong ward income tax.

- ◆ Makikita ang resident tax per-income sa mga sumusunod na papeles
  - Resident Tax Certificate (inisyu ng local office, local branch office)
  - Municipal Tax / Prefectural Tax 「Special Tax Collection Decision / Modification Notice」 (Ipamamahagi sa pinagtatrabahuhan **tuwing Hunyo kaya't ingatan at itabi.**)
  - 「Notice of Resident Tax Payment」 (sakaling self-employed, ipapadala ito ng local office)
- ※Hindi makikita sa Certificate of Income and Withholding Tax.
- ◆ Magdeklara ng buwis upang ma-isyuhan ng tax certificate at iba pa.

■ Bukod sa Tulong-Pantustos, maaring may mga iba pang tulong pang-matrikula gaya ng Scholarship Grant (uri: benepisyo, pautang) na ipinagkaloob ng prepektura batay sa inyong kita. Ang impormasyon/numero ng bawat prepektura ay nakalista sa homepage ng Ministry of Education na nakasaad sa ibaba.

※Para sa mga katanungan:  
 Hotline ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology, Office for Financial Support in Upper Secondary Education  
 •(Lunes-Biyernes 10:00 ~17:00) Mail: shuugaku@mext.go.jp  
 •Homepage: [http://www.mext.go.jp/a\\_menu/shotou/mushouka/detail/1342886.htm](http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/detail/1342886.htm)  
 •Ang leaflet na ito ay tamang isinalin-wika ng NPO Tabunka Kyousei Network Kanagawa (Me-net), sa pahintulot ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology.